Republic of the Philippines
**MUNICIPALITY OF SANTA ROSA**
**Province of Laguna**



SAPAGKA'T, marapat lamang sa kapakanan at kagalingan ng bayan ay magkaroon ng madaliang kapasiyahan ang kaso "Municipality of Santa Rosa VS. Arcadia Arambulo Solina;

KUNG KAYA'T, IPINAPASYA tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASYA na pagtibayin ang Kapasiyahang nagliliwat ng pangangasiwa ng kasong nabanggit kay "Asst. Provincial Fiscal" Modesto Nieva, kasama ang magalang na paghiling sa madaliang pagpapasiya dito tungo sa nararapat na hakbangin alinsunod sa itinatahana ng Batas para sa kasong "Ejectment".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Bilang pagbabalik-aral naman ng kapulungan sa Kautusang Bayan na binubuo nina dating Nanunuparang Punumbayan Bustamante at mga kasama na siya ring nagtibay ng Palaan ng mga Paaralang Pambayan para sa taong 1988 (Local School Board) for 1988) ay pinuna ni Kag. Perez ang paraan ng pagtitibay dito. Sinabi niya na ang Kautusang Bayan ay di napagtibay at di tumalima sa tamang itinatadhana ng mga tuntunin ng Sangguniang Bayan. Binigyan din ng pagkakataon ng kapulungan si G. Batitis na ipaliwanag ang ilang mga tuntuning sinusunod ng "Local School Board Budget". Matapos ang maikling pagtatalakayan pinagpasiyahan ang:

KAPASIYAHAN BLG. 9-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Gironella)

IPINAPASIYA tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASYA sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan na magtibay ng isang Kautusang Bayan na nagpapawalang bisa sa Kautusang Bayan Blg. VI-'88 sa dahilang ito ay hindi naaayon sa batas at mga tuntuning itinatadhana ng mga panuntunan ng pagtitibay ng isang Kautusang Bayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

KAUTUSANG BAYAN BLG. IX-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Gironella)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay sa Kapasiyahan Blg. 9-'88 na nagsasaad ng pagsasawalang-bisa at pagpapahayag ng pagwalang-halaga sa Kautusang Bayan Blg. VI-'88

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

Sa mungkahi ni Kag, Perez na pinangalawahan ni Kag. Puzon ay hiniling sa Pambayang Ingat-Yaman na sila ay mabigyan ng sipi ng Kalalagayan ng Pananalapi ng Bayan naaayon sa itinatadhana ng Local Government Code na kaagad namang sinang-ayunan ng Ingat-Yaman.

Dahilan sa wala ng iba pang paksang dapat talakayin ay iminungkahi ni Kag. Puzon na ipinid na ang pulong. Ang mungkahi ay pinangalawahan ni Kagawad Gironella.

Ganap na Ika-10:20 ng gabi.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

PATOTOO:

CYNTHIA G. MERCADO
Kalihim Pambayan

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad